AHA! LEARNING CENTER'S

# ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

## READING FOR GRADES 3-6

**Aralin 21**

| **Pambungad** |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting mambabasa! Handa ka na bang basahin ang ating kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating basahin ang librong **"Mga Mata Ni Migoy" na isinulat ni Jesl Xena Rae Cruz**. Huwag mag-alala; gagabayan kita, kaibigan!* |

| **Reading for Grades 3 - 6 - Aralin 19** |
|---|
| Book Title: Mga Mata Ni Migoy |
| Author: Jesl Xena Rae Cruz |
| Source: Adarna House / Buribooks |

**I. Pagbati**

Magandang araw! 😄☀ Andito muli si Teacher _____. Sa araw na ito, babasahin natin ang, 📚Mga Mata ni Migoy 📚 ni Jesl Xena Rae Cruz.

**II. Pangako Para sa Araling Ito** 🙏🏽

Bago tayo magsimula, ipangako natin sa isa't isa na ating:

(1) Dahan-dahang bibigkasin ang kada linya ng storya 📣
(2) Dadamdamin at sisikaping intindihin ang kwento at, 🤓
(3) Hindi matatakot magtanong kay Teacher o sa ating mga nakatatanda sa bahay kung may hindi tayo naiintindihan. 🧡👩🏽👨🏽👴🏽👵🏽

Tandaan natin yan ha!

**III. Talasalitaan** 💬

Para mas maintindihan nang husto ang kwento, tingnan muna natin ang ilang mga salita sa ibaba na makikita natin sa kwento; baka hindi pamilyar ang mga ito sa atin! Maaari ring magtanong sa mga nakatatanda kung ano ang ibig sabihin ng mga 'to kung kailangan ng karagdagang paliwanag! 🤔

**(1) Baybayin** - sabihin
**(2) Estilo** - pamamaraan
**(3) Madla** - taong-bayan
**(4) Mapanghusga** - mapanuri
**(5) Kinatawan** - sugo

Atin nang simulan ang kwento!
--

**IV.📚 MGA MATA NI MIGOY NIJESL XENA RAE CRUZ**
*Bigkasin natin ang kada-linya* 📣

• Araw-araw ☀️, gabi-gabi 🌛. Tila may sinasabi ang mga mata 👀 ni Migoy 👦.
•Sa klase, kapag tinatanong ❓ sila kung paano baybayin ang kanilang pangalan, tila sinasabi ng mga mata 👀 niya na, "Kaya ko 'to!"
•Gustong-gusto ni Migoy 👦 makasama ang kanyang mga kaklase 👨🦱👩🦱👩🦰.
Sa mata 👀 niya'y makikita mo ang, "Tara na! Tara na!"

•Kapag oras 🕒 na para matuto, may sarili siyang estilo. Sa mga mata 👀 ni Migoy 👦, mababasa mo, "Ano kaya ang ibig sabihin nito?"
•May mga araw ☀️ na nalulungkot 🙍♂️ si Migoy dahil hindi niya kayang makipag-usap sa iba 🙅♂️. Sa mga mata 👀 ni Migoy, tila sinasabi niya na, "Sana maintindihan nila ako."
•Iba't iba ang reaksiyon ng tao kay Migoy 👦. May nakakaunawa. Mayroon ding mapanghusga 🧐. Sa mga mata 👀 ni Migoy, "Ako ay ako, sila ay sila. Respeto sana sa isa't isa "💁♂️

•Isang araw, nagkaroon ng paligsahan sa pagbaybay ang eskuwela 🏫 nila. Si Migoy 👦 ang piniling kinatawan ni Teacher Anna 👩🏫. Tila nagsasabing, "Salamat po sa tiwala."
•Buong tapang 💪 na hinarap ni Migoy ang madla 👥👥. Bawat salita'y binaybay 🗣️ niya ng tama ✔️. Sa mga mata 👀 ni Migoy, "Sige pa, kaya ko pa!"

•Hindi madali ang paligsahan. Marami ang magagaling magbaybay sa eskuwelahan 🏫 ni Migoy 👦. Makikita mo sa mga mata niya ang kaba at pagod. 🙇♂️
•Di nagtagal, dalawa 👦👦 na lamang silang natitira. Napaiyak sa kaba si Migoy 😭. Sa mga mata niya'y makikita mo. "Gusto ko talagang manalo."
•Dumating ang hinihintay ng lahat. Isang salita na lamang ang kailangang baybayin. Sa mga mata 👀 ni Migoy. "Malapit na ako maging kampeon." 🏆

•Nang marinig 👂 niyang ipabaybay ng guro ang "TAGUMPAY," 🏆🥇 tila may nagliwanag kay Migoy. Nawala ang kanyang kaba at pagod. Huminga siya nang malalim at malakas na bumigkas. 🗣️
•"A-K-O." Palakpakan 👏👏 ang mga estudyante 👨🦱👨🦰👩🦱👩🦰 at guro 👩🏫, gulat 😮 at humanga 👍 sa nagawa ni Migoy. 👦

•Sa gitna ng hiyawan, tila sinasabi ng mga mata 👀 ni Migoy 👦, "Nagawa ko! Salamat sa inyo!"
•Kahit ang kanyang kalaban 🧒, kinamayan 🤝 at binati 👍. Hindi nakuha ni Migoy ang medalya 🏅. Ngunit sa mga mata👀 ng lahat, siya ang tunay na nagtagumpay. 🏆
--
Ang galing mong magbasa! Diyan din nagtatapos ang ating kwento.

**V. Gawain ✏**
Para sa ating gawain, balikan natin ang kwento.

🔎 Sino ang pangunahing karakter sa ating istorya?

🔎 Sinu-sino ang gustong makasama ni Migoy?

🔎 Nasabi sa kwento na may mga pagkakataong nalulungkot si Migoy. Ano kaya ang kadahilanan ng kanyang kulungkutan?

🔎 Sa kabila ng kanyang kalagayan, pinili pa rin siya ng kanyang guro upang maging kalahok sa isang paligsahan. Anong klase ng paligsahan ang sinalihan ni Migoy?

🔎 Nakuha ba ni Migoy ang medalya sa kanilang paligsahan? Ano ang kanyang naramdaman?

**VI. Pagnilayan 🙏🏽**
Bago matapos ang ating aralin, ating pag-isipan 🤔🤔ang tanong na ito:

Ano ang kaya mong gawin upang ikaw ay magtagumpay? 🤔

Ano man ang iyong sagot, lagi mong tandaan na bawat isa atin ay may espesyal na kakayahan. Nasa iyo kung paano mo ito gagamitin ng maayos.

Ang pagkatalo, ay hindi katumbas ng kahinaan. Maging mapagpasalamat sa mga bagay o tao na nariyan para sa iyo. Huwag din sana nating kalimutang pasalamatan 🙏 ang ating mga magulang at ang Diyos sa kanilang paggabay sa atin.

Mga Sagot sa Gawain at Pagtatapos

**VII. Sagot sa Gawain ✏**
🔎Ang pangunahing karakter ay si Migoy. Maaari mo bang iguhit si Migoy ayon sa pagkakakilala mo sa kanya? 🤔

🔎Gustong-gustong makasama ni Migoy ang kanyang mga kaklase. Sino ang gusto mong kasama sa eskwelahan? Ano ang madalas ninyong gawin sa paaralan? 🤔

🔎Nalulungkot siya sa kadahilanang hindi niya kayang makipag-usap sa iba at ang ibang tao ay hindi siya naiintindihan. May kakilala ka ba sa mga kaklase mong ganito ang sitwasyon? Kung meron, ano ang ginawa mo? Kung wala, ano ang gagawin mo kapag may nakilala kang ganoong kaklase? 🤔

🔎Si Migoy ay sinali sa paligsahan ng pagbabaybay. Naranasan mo rin bang sumali sa isang paligsahan? Anong klaseng paligsahan ito? Maaari mo bang ibahagi o isulat ang iyong karanasan? 🤔

🔎Hindi siya nanalo, ngunit para sa mata ng lahat ay siya ang nagtagumpay. Siya ay masaya parin dahil sinuportahan siya ng kanyang mga guro at kaklase. Naranasan mo narin bang matalo? Ano ang iyong naramdaman? Kung ikaw si Migoy, magiging masaya ka rin ba kahit hindi mo nakuha ang medalya? Bakit? 🤔

**VIII. Pagtatapos**✔️
Mahusay! 🤩

Natapos natin ang istorya! 👏

May parte ba ng aralin na nahirapan ka? O may gusto ka bang ibahaging mga kasagutan sa grupo natin? Magmensahe lang po sa grupo, o maaari rin imensahe kay Teacher. ❤
-

This story was published by Adarna House.
This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center.